Minami Citizens Activity & Multicultural Lounge

タガログ語版

# Minami no Kaze

Vol. 52

Dec.2023



## Sarado ang Minami Lounge simula Dec.29,2023 hanggang Jan.3, 2024!

**Ang taong 2023 ay magtatapos ilang araw na lamang at magsisimula ang taong 2024. Sa taong ito subukan natin ang kaugaliang hapon sa pagsalubong ng bagong taon!**

**December** **Malaking paglilinis (General Cleaning)** Linisin ang alikabok ng nakaraang taon para salubungin ang papasok na taon.





***Nengajo*** Isang greeting card para sa New Year. Sulatan at ipadala ang card sa Disyembre para makarating sa new year.

**Katapusan ng Disyembre** → Prepare ***kagamimochi*** (rice cake for the God) sa loob ng bahay at ilagay ***kadomatsu*** *at* ***shimikazari*** (to greet the God) sa harap ng bahay.

***ToshiKoshi soba*** kumain ng soba (buckwheat noodle) sa December 31st.





**January 1-3 New Year** **Bumati tayo sa New Year ng pagsasabing "Akemashite Omedetou Gozaimasu" (Happy New Year sa Japanese)**



Ito ay walang pasok sa Japan at ang mga tao ay bakasyon. Karamihan ay nagbabalik sa kanilang mga probinsya para ipagdiwang ang Bagong Taon.

※Huwag kalimutan! Marami sa mga hospital , city hall at mga tindahan ang sarado New Year holiday





***Ozouni*** Sabaw na may rice cake (omochi ) sa loob. Ito ay kinakain sa New Years day hangad ang magandang kalusugan

***Osechi*** Pagkaing hapon espesyal na inihahanda sa Bagong Taon.Maaari din itong bilhin sa mga department store supermarket at internet.



***Hatsumoude*** Unang pagbisita sa mga Shrine sa Bagong Taon.

***Otoshidama*** Perang ibinibigay sa mga bata sa Bagong Taon.




**January 7th** ***Nanakusagayu.*** Lugaw na may halong 7 klase ng gulay kinakain sa araw na ito hiling ang magandang kalusugan.

## Alamin natin ang ibang Kaugalian na ginagawa ng ibang bansa! (From Minami Lounge Language Staff)



English Staff

Sa USA at UK, marami ang nag count down party Kasama ang mga kaibigan at kamag-anak Dahil sa ang New Year holiday ay kasunod lamang ng Christmas holiday, ito ay natatapos ng mabilis at maraming trabaho ang nag uumpisa January 2nd.



Tagalog Staff

Sa Philippines ipinagdiriwang ang Bagong Taon Jan.1 ang Dec. 31 ay abala ang mga tao sa paghahanda .12 hanggang 13 klase ng bilog na prutas ang inihahanda sa mesa,binubuksan ang pinto at bintana ng bahay para salubungin ang Bagong Taon. Nagsusuot din ng damit na may polka dots o design na bilog, nilalagyan ng barya ang bulsa para magaan pumasok ang pera sa buong taon.



Chinese Staff



Chinese Staff

Ang Chinese New Year ay ipinagdiriwang ibat-ibang petsa bawat taon.Ang paraan ng pagdiriwang ay nagkakaiba depende sa lugar, Kumakain kami ng espesyal na mga putahi Kasama ang pamilya sa New Years eve. Fried dumpling ay karaniwang handa. Kung ang makain mong fried dumpling ay may lamang coin sa loob ikaw ay lucky! Sa New Years day, lahat ay nagsusuot ng bagong damit lumalabas para bumati sa mga kaibigan at mga mga boss sa kanilang mga trabaho. Huwag kalimutan ang pinakaimportante sa lahat! Naglalagay kami ng dekorasyon ng Chinese character " LUCK " baligtad para sa magandang suwerte.



Thai Staff


Sa Thai ipnagdiriwang ang New Year "Songkran Festival" April 13th Sa araw na ito pumupunta kami sa temple at naglilinis ng buddha statues. Pagbalik sa bahay winiwisikan ng tubig ang kamay ng aming mga magulang lolo at lola (hands of the elderly) bago wisikan din ng tubig ang mga miyembro ng pamilya.

# Minna no “Wa!” Festa 2023 ay Isinagawa!

Ang malaking event ng Minami Lounge’s “Minna no “Wa!” Festa” ay ginanap at pinangasiwaan sa ating lounge Ito ay naging isang masaya at tagumpay na pagdiriwang na dinaluhan ng halos 1000 katao.

### Tea of the World

Sabi ng isang volunteer masaya ako na magkaroon ng pagkakataon na ipakilala ang kultura ng aming bansa sa maraming tao.



### Foods of the World

Pagkain ng 5 bansa; Indonesia, Thai, Vietnam, Korea and China ay itininda.



Chinese Dragon Dance ay itinanghal ng mga bata ng children of YOCS Kindergarten.



### Stage Performance

Kaaya- ayang pagtatanghal, Thai & Philippines dance at Ukrainian dance at song performances ang ipinamalas.





**Try on Booth**
Marami ang nagsuot ng kimono at nagpakuha ng retrato sa photo spot.


### Japanese Speech

12 na banyagang mag-aaral ay nagsalita tungkol sa kanilang sariling kultura at impresyon sa pamumuhay dito sa Japan

### Activity Information/Experiencing Program

Lahat ay nag enjoy sa aktibidades na ito.











# Multicultural Volunteer ⑥

Si Mr. Sapkota ay naging interesado sa kulturang Hapon at Teknolohiya simula pa sa kanyang kabataan at dumating sa Japan 2007 bilang International student. Nag-aral sya ng international business at nagbukas ng sariling shop sa Naka-ward. Nagrehistro sya bilang Minami Lounge Multicultural Volunteer sa panghihikayat ng kanyang kaibigan. Tumutulong si Mr.Sapkota sa Minami Lounge sa pamamagitan ng pagtranslate, pag-interpret at pagbisita sa mga paaralan para tulungan ang mga mag-aaral sa kanilang sariling wika. uAng larawan sa kanan ay kuha sa Minami lounge’s event “Minna no “Wa!” Festa” ng sya ay maging moderator sa event. Sabi nya, “Maraming tumulong sa akin ng pumunta ako dito sa Japan ngayon gusto kong ibalik yon sa pagtulong sa iba.”






**Mr. Sapkota**
**From Nepal**
Nasa Japan for 16 years

## Minami Citizens Activity & Multicultural Lounge (Minami Lounge)

Urafune Fukugo Fukushi Shisetsu 10F, 3-46 Urafune-cho
Minami-ku, Yokohama 232-0024

① **Consultation Desk (Free of charge)** : Mon.-Sun. 9:00-17:00
(Closed on ：Every 3rd Mondays･ Dec.29 to Jan.3)
Tel. : （Japanese） 045-232-9544
（Foreign Language） 045-242-0888
※Please check below for available languages

② **Free of charge consultation** :
Law (2nd Thurs), Visa (3rd Thurs) and Education (4th Thurs)
※ 13:30-, 14：30- (Appointment needed. Tel.045-242-0888）




Minami Lounge URL
https://tabunka.minamilounge.com/

◀ Direction Map

【Available languages and days】

| Monday | Tuesday | Wednesday | Thursday | Friday | Saturday | Sunday |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Chinese | Chinese | Chinese<br>English | Chinese<br>Thai | Chinese<br>Tagalog | Chinese | Chinese |

★ Minami Lounge is operated by YOKE on behalf of Minami Ward Office